Royal College of Anaesthetists

# Mga Anestetiko – mga panganib at side effect

# Anaphylaxis (malubhang alerhiya)

## Tungkol sa polyetong ito

Ang polyetong ito ay tungkol sa **panganib ng pagkakaroon ng malubhang reaksiyong alerhiya (anaphylaxis)** habang nasa ilalim ng pangkalahatang anestetiko. Ipinapaliwanag nito kung ano ang maaaring magdulot ng reaksiyong alerhiya at kung ano ang maaaring gawin tungkol dito.

Ang mga pangkalahatang anestetiko ay mga gamot na nagbibigay ng kalagayang katulad ng malalim na pagtulog. Ito ay mahalaga para sa ilang mga operasyon at pamamaraan. Sa panahon ng pangkalahatang anestisya, ikaw ay walang malay at walang nararamdaman.

Makakapagbasa ka tungkol sa iba't ibang uri ng mga anestetiko sa aming website na nakasulat sa iba't ibang wika rito: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

## Ano ang anaphylaxis?

Ang anaphylaxis ay isang malubhang reaksiyong alerhiya. Maaari itong mangyari sa oras ng pagbibigay ng pangkalahatang anestetiko habang ang pasyente ay gising o tulog. Ang reaksiyon ay madalas na dulot ng iba pang gamot na ginagamit sa panahon ng operasyon. Karaniwang napakabilis nitong mangyari. Maaaring maging banta ito sa buhay, ngunit kung mangyari ito, agad kang gagamutin ng iyong anestesista.

Kung ikaw ay magkaroon ng reaksiyong alerhiya:

- maaaring bumaba ang presyon ng iyong dugo
- Maaari kang mahirapan sa paghinga
- maari kang magkaroon ng pamamaga at mga pantal sa iyong balat.

## Gaano kalaki ang posibilidad na mangyari ito?

Sa bawat 10,000 katao

| | |
|---|---|
| **1 ang nagkaroon ng anaphylaxis** | **9,999 ang hindi nakaranas nito** |

Ang mga numerong ito ay mula sa mga pag-aaral na pananaliksik. Maaari mong makita sa aming website kung saan namin nakuha ang aming mga bilang: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/evidence.

## Ano ang sanhi ng anaphylaxis habang nasa ilalim ng pangkalahatang anestetiko?

Ang iyong anestesista ay gumagamit ng iba't ibang uri ng gamot sa panahon ng pagbibigay ng pangkalahatang anestetiko.

Ang mga gamot na karaniwang nagdudulot ng malubhang reaksiyon ay ang mga sumusunod:

- **mga antibiotic:** ginagamit ito para mabawasan ang posibilidad ng impeksyon
- **mga pampakalma ng kalamnan:** kinakailangan ang mga ito para sa ilang uri ng operasyon
- **iba pang gamot o substansiya:** antiseptic o mga pangulay na maaaring magdulot ng reaksiyon sa ilang tao.

Maaaring gumamit ang iyong anestesista ng ibang anestetiko at mga gamot kung ikaw ay may alerhiya sa ilang bagay.

## Paano kung magkaroon ako ng reaksiyong alerhiya?

Ikaw ay mahigpit na susubaybayan ng iyong anestesista habang binibigyan ka ng anestetiko. Maaari ka niyang gamutin kaagad kung mangyari iyon. Maaari siyang magbigay sa iyo ng:

- iniksyon ng adrenaline
- oksiheno sa pamamagitan ng mask
- mga likido o gamot sa pamamagitan ng cannula (‘drip’) nang direkta sa ugat sa iyong kamay o braso.

Kung magkakaroon ka ng reaksiyong alerhiya bago magsimula ang operasyon:

- kung napakaagaran ng iyong operasyon, gagamutin ka niya para maisagawa ang operasyon, ngunit gagawin lang niya ito kung ligtas.
- maaaring magpasya ang iyong team na ipagpaliban ang iyong operasyon
- maaaring i-refer ka ng iyong team sa isang klinika para sa alerhiya o maaari silang humingi ng payo mula sa isang eksperto sa alerhiya bago iiskedyul ulit ang iyong operasyon.

Kung magkaroon ka ng reaksiyong alerhiya pagkatapos magsimula ang operasyon:

- agad kang gagamutin ng iyong anestesista
- maaaring itigil ang iyong operasyon. Ang desisyon na itigil ang operasyon ay nakasalalay sa kung gaano kalubha ang iyong reaksiyon at sa pagkaagaran ng iyong operasyon.

Kung magkakaroon ka ng malubhang reaksiyong alerhiya, maaaring kailanganin mong manatili sa ospital nang magdamag. Kung napakatindi ng iyong reaksiyong alerhiya, maaari kang masusing bantayan sa intensive care unit (ICU).

Maaaring hilingin sa iyo na sumailalim sa pagsusuri ng dugo sa oras ng reaksiyon at muli sa klinika para sa alerhiya kung ire-refer ka roon. Nakakatulong ito sa pangkat sa alerhiya na matukoy kung ito ay isang reaksiyong alerhiya o iba pa.

## Ano ang maari kong gawin?

- Kung mayroon kang anumang uri ng alerhiya, ipaalam ito sa iyong nars o anestesista. Tatanungin ka nila tungkol sa iyong mga alerhiya kapag sinuri ka nila para sa operasyon (kilala bilang pagsusuri bago ang operasyon).
- Kapag pupunta ka sa ospital, ilang beses kang tatanungin tungkol sa iyong mga alerhiya. Ito ay normal.
- Magdala ng listahan ng mga alerhiya sa ospital, sa anumang appointment, at sa araw ng operasyon.
- Kung sa tingin mo ay nagkaroon ka ng reaksiyong alerhiya noon, subukang alamin kung ano ang nangyari. Maaari mong:
    - tanungin ang pangkat na nangalaga sa iyo noon
    - tanungin ang iyong GP para malaman kung ano ang nangyari.
- Ipaalam sa iyong mga kamag-anak o tagapag-alaga kung mayroon kang anumang alerhiya. Kung kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga o hindi maganda ang pakiramdam mo, maaari nilang ipaalam sa iyong pangkat ang tungkol sa iyong mga alerhiya.

## Mga pagsusuri sa alerhiya

Hindi karaniwan na magsagawa ng mga pagsusuri sa alerhiya bago ang operasyon. Inirerekomenda lang ito para sa mga taong nagkaroon na ng reaksiyong alerhiya noon.

**Kung magkakaroon ka ng malubhang reaksiyong alerhiya, dapat kang i-refer sa isang espesyal na klinika para sumailalim sa mga pagsusuri sa alerhiya.**

Karaniwang ‘mga pagsusuri sa balat’ ang mga pagsusuring ito. Maglalagay ang isang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan ng ilang patak ng gamot sa iyong balat at, pagkalipas ng ilang minuto, susuriin niya ang reaksiyon (karaniwang isang maliit at makating bukol).

Kung may alerhiya ka sa isang gamot, napakahalagang hindi mo na uulitin ang pag-inom ng gamot na iyon.

- Maaaring may iba pang gamot na katulad nito, na dapat mo ring iwasan.
- Makakatanggap ka ng liham mula sa klinika para sa alerhiya tungkol dito. Dalhin ang liham na ito sa lahat ng iyong appointment.
- Maaaring payuhan ka ring magsuot ng babalang pulseras sa lahat ng oras kung sakaling kailanganin mong makatanggap ng pang-emergency na paggamot.

## Namamana ba ang mga alerhiya sa mga magkakamag-anak?

Hindi namamana sa mga magkakamag-anak ang mga alerhiya.

Namamana sa magkakamag-anak ang ilang kondisyon na maaaring magdulot ng matitinding reaksiyon. Ang mga ito ay suxamethonium apnoea at nakamamatay na hyperthermia. Hindi ito mga alerhiya, ngunit mahalagang ipaalam sa iyong anestesista kung may sinuman sa iyong pamilya na may mga kondisyong ito.

Makukuha sa aming website ang higit pang impormasyon tungkol sa suxamethonium apnoea (www.rcoa.ac.uk/patientinfo/suxamethonium-apnoea) at nakamamatay na hyperthermia (www.rcoa.ac.uk/patientinfo/malignant-hyperthermia).

## Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa anaphylaxis?

- Allergy UK: www.allergyuk.org
- Sa iyong GP, o sa klinikang nagsusuri bago ang operasyon o sa departamento ng anestesya ng iyong ospital.

## Paunawa

Sinisikap naming panatilihing tama at napapanahon ang impormasyon sa polyeto na ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin aasahan na masasagot lahat ang mga katanungan na mayroon ka ng pangkalahatang impormasyong ito o harapin ang lahat ng bagay na maaaring mahalaga sa iyo. Dapat mong talakayin sa iyong mga doktor ang mga pagpipilian at alalahanin mo, gamit ang polyeto na ito bilang gabay. Ang leaflet na ito kung mag-isa ay hindi dapat ituring na payo. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layunin na pang komersyo o negosyo. Para sa buong paunawa, pakitingnan ang: (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Ang lahat ng pagsasalin ay ibinigay ng komunidad ng mga tagapagsalin mula sa Translators without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito upang gawing tama ang mga pagsasalin hangga't maaari, ngunit may panganib ng mga kamalian at maling interpretasyon ng ilang impormasyon.

# Sabihin sa amin kung ano ang iniisip mo

Tumatanggap kami ng mga mungkahi upang pagandahin ang leaflet na ito.

Kung mayroon kang anumang puna na nais mong sabihin, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

# www.rcoa.ac.uk

Ikaanim na Edisyon, Nobyembre 2024

Rerepasuhin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglalathala.

**© 2024 Royal College of Anaesthetists**
Maaaring kopyahin ang polyeto na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal ng impormasyon para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.